

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

ANGELÓRUM pane refécti te, Dómine, suppliciter deprecámur: ut, qui ánnuam beáti Hierónymi Confessóris tui memóriam celebráre gaudémus; eiúsdem étiam et exéplum imitémur, et amplíssimum in regno tuo præmium obtinére valeámus. Per Dóminum.

PINAGINHAWA nitong tinapay ng mga anghel, pakumbaba kaming sumasamo sa iyo, O Panginoon, upang kaming masayang nagdiriwang ng taunang pista ni San Geronimo na iyong Confesor ay tularan ang kaniyang pagka-uliran at magkamit ng karangalan sa iyong kaharian. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hulyo 21

SAN LORENZO NG BRINDISI
Confesor

Paggunita kay SANTA PRAXEDES, Virgen at Martir

III cl. • Doble • Puti

Misa mula sa Para sa Confesor na hindi Obispo "Os justi," maliban sa nakatakda:

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui ad árdua quæque pro nóminis tui glória et animárum salúte beáto Lauréntio, Confessóri tuo atque Doctóri, spíritum sapiéntiæ et fortitúdinis contulísti: da nobis in eódem spíritu et agénda cognóscere; et cógnita, eius intercessióne, perficere. Per Dóminum.

O DIOS, pakundangan sa kaluwalhatian ng Iyong ngalan at upang maisakatuparan ang lahat ng mga gawain kahit anong hirap nito, binuhusan mo si San Lorenzo na iyong Confesor at Pantas ng isang diwang marunong at may matibay na kalooban: ipagkaloob mo rin nawa ang tulad ang diwang iyon nang lagi naming isaloob ang aming tungkulin, at sa pamamagitan niya'y tumpak naming maisabuhay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita kay Santa Praxedes, Martir. Mula sa Misa Para sa Virgen "Vultum tuum deprecabúntur."

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Hulyo 20

SAN GERONIMO EMILIANO
Confesor

Paggunita kay SANTA MARGARITA, Martir

Misa "Effusum est"
III cl • Doble • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Pan 2:11

EFFÚSUM est in terra jecur meum super contritióne filia pópuli mei, cum defíceret párvulus et lactens in platéis óppidi. — *Ps 112:1* Laudáte, púeri, Dóminum : laudáte nomen Dómini. *V.* Gloria Patri. Veni.

NABUHOS na sa lupa ang aking apdo't atay dahil sa kapahamakang sinapit ng aking mga kalahi. Nawalan ng malay sa mga lansangan ang mga bata at mga sanggol. — *Salmo 112:1* Purihin niyo ang Poon, kayong mga bata! Purihin ang ngalan ng Poong Mahal! *V.* Luwalhati sa Ama. — Nabuhos...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, misericordiárum pater, per mérita et intercessiónem beáti Hieronymi, quem órphanis adiutorem et patrem esse voluísti: concéde; ut spíritum adoptiónis, quo filii tui nominámur et sumus, fidéliter custodiámus. Per Dóminum.

O DIOS, Ama ng tanang awa't habag, pakundangan sa kabanalan at pamamagitan ni San Geronimo na siyang niloob Mong maging tagatulong at amain ng mga ampon, itulot Mong matapat naming ingatan ang pagiging anak namin sa Iyo sa salita't gawa. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita kay Santa Margarita, Martir. Mula sa Misa Para sa Virgen at Martir "Me exspectavérunt."

PAGBASA • Is 58:7-11

Pagbasa mula sa mga Aklat ni Propeta Isaias.

SINABI NG PANGINOONG DIOS: "Bigyan ninyo ng pagkain ang mga nagugutom, patirahin ninyo sa inyong tahanan ang mga walang tahanan, bigyan ninyo ng damit ang mga walang damit, at tulungan ninyo ang inyong mga kaanak. Kapag ginawa n'yo ito, darating sa inyo ang kaligtasan na parang buwang-

liwayway, at pagagalingin ko kayo agad. Ako na inyong Dios na matuwid ang mangunguna sa inyo at ipagtatanggol ko kayo sa pamamagitan ng aking kapangyarihan. At kung dumulog kayo sa akin para humingi ng tulong, kayo'y aking sasagutin. Kung titigilan na ninyo ang pang-aapi, ang pambibintang ng kasinungalingan, ang pagsasalita ng masama, at kung gagawin ninyo ang pagpapakain sa mga nagugutom, ang pagbibigay ng pangangailangan ng mga dukha, darating sa inyo ang kaligtasan na magbibigay-liwanag sa madilim ninyong kalagayan na parang tanghaling-tapat. Palagi ko kayong papatnubayan at bubusugin, kahit na mahirap ang kalagayanninyo. Palalakasin ko kayo, at kayo'y magiging parang halamanang sagana sa tubig at parang bukal na hindi nawawalan ng tubig.” — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Kaw 5:16; Ps 111:5-6, 9

DERIVÉNTUR fontes tui foras, et in platéis aquas tuas divide.

V. Iucúndus homo, qui miserétur et cómmodat: dispónet sermónes suos in iudício, quia in atérnum non commovébitur.

Allelúia, allelúia. V. Dispérsit, dedit paupéribus: iustítia eius manet in sáculum sáculi. **Alleluia.**

DAPAT kumalat ang iyong mga bukal, at ang mga agos ng tubig sa mga lansangan.

V. Pagpapalain ang taong mapagbigay at nagpapahiram, at hindi nandaraya sa kanyang hanapbuhay. Tiyak na magiging matatag ang kanyang kalagayan at hindi siya makakalimutan magpakailanman.

Aleluya, aleluya! V. Nagbibigay siya sa mga dukha, at ang kanyang kabutihan ay maaalala magpakailanman. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 19:13-21

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHO NG IYON: May nagdala ng mga bata kay Jesus upang ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay at sila'y ipanalangin. Ngunit pinagalitan sila ng mga alagad. Sinabi ni Jesus, “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata. Huwag ninyo silang pagbawalan sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng langit.” Ipinatong nga niya sa mga bata ang kanyang kamay, at pagkatapos, siya'y umalis. May isa namang lalaking lumapit kay Jesus at nagtanong, “Guro, anong mabuting bagay ang dapat kong gawin upang makamitan ko ang buhay na walang hanggan?” Sumagot si Jesus, “Bakit mo ako tinatanong kung ano ang mabuti? Iisa lang ang mabuti. Ngunit kung nais mong magkamit ng buhay na walang hanggan, sundin mo ang mga utos ng Diyos.” “Alin sa mga iyon?” tanong niya.

Sumagot si Jesus, “Huwag kang papatay; huwag kang mangangalunya; huwag kang magnanakaw; huwag kang sasaksi nang walang katotohanan; igalang mo ang iyong ama at ina; at ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.” Sinabi ng binata, “Sinunod ko na po ang lahat ng iyan. Ano pa po ang dapat kong gawin?” Sumagot si Jesus, “Kung ibig mong maging ganap, ipagbili mo ang lahat ng iyong ari-arian at ipamahagi sa mga mahihirap. At magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos, bumalik ka at sumunod ka sa akin.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Tob 12:12

QUANDO orábas cum lácrimis, et sepeleíbas mórtuos, et derelinquébas prándium tuum, et mórtuos abscondébas per diem in domo tua, et nocte sepeleíbas eos: ego óbtuli oratiónem tuam Dómino.

NANG kayo'y mananalangin nang may pagtangis, at inilibing na ang patay, at iniwan mo ang iyong hapunan, at itinatago sa iyong tahanan ang patay kung umaga at inilibing sila sa gabi, inialay ko sa Poong Dios ang iyong mga pagdulog.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

CLEMENTÍSSIME Deus, qui, véteri homine consúmpto, novum secúndum te in beáto Hierónymo créare dignátus es: da, per mérita ipsíus; ut nos, páriter renováti, hanc placatiónis hóstiam in odórem tibi suavíssimum offerámus. Per Dóminum.

O DIOS NA SAKDAL-MAHABAGIN, winasak mo ang lumang pagkatao ni San Geronimo upang likhain Mo siyang bagong tao na iyong kawangis, itulot Mo, pakundangan sa kaniyang mga karapatan, na sa ganoong paraan din kami'y mapanibago kami, nang sa gayo'y maialay namin sa Iyong karangalan ang masamyo't mabangong paghahain ng pagbabayad-sala na ito. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jas 1:27

RELÍGIO munda et immaculáta apud Deum et Patrem hæc est: Visitáre pupíllos et víduas in tribulatiónē eórum, et immaculátum se custodíre ab hoc sáculo.

ANG RELIHIYON na dalisay at walang dungis sa harap ng ating Diyos at Ama ay ito: pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito.